
Chiba Prefecture

# Planong Panghinaharap para sa mga Bata at Kabataan




Mascot Character ng Chiba Prefecture
CHI-BA+KUN

## Chiba Prefecture

Bersyon para sa mga Bata

# Ano ang nakasulat?




Ano ang pangkalahatang nilalaman ng "Planong Panghinaharap para sa mga Bata at Kabataan ng Chiba Prefecture" ?

Anong klaseng lipunan ang "Chiba kung saan sinusuportahan ng lahat ang isa't isa at pinapalawak ang mga posibilidad ng lahat ng bata at kabataan" ?







Ano ang mga bagay na pinapahalagahan habang isinusulong ang plano?




Anong mga hakbang ang isasagawa?




Pinapahalagahan ang opinyon ng mga bata at kabataan

# Ano ang pangkalahatang nilalaman ng "Planong Panghinaharap para sa mga Bata at Kabataan ng Chiba Prefecture"?

## Ano ang "Planong Panghinaharap para sa mga Bata at Kabataan ng Chiba Prefecture"?

Ito ay isang plano na ginawa ng Chiba Prefecture upang makalikha ng lipunan kung saan ang lahat ng bata at kabataan ay maaaring magkaroon ng pangarap at mithiin para sa hinaharap.
Isusulong ng Prefecture ang mga pagsisikap* kaugnay sa mga bata at kabataan batay sa planong ito.

*Kasama rito ang pagbibigay ng suporta sa paglago ng kanilang isip at katawan hanggang sa kanilang pagtanda, pati na rin ang pagbibigay ng suporta sa mga taong nagpapalaki ng bata, at iba pa.

## Ano ang layunin ng plano?

**"Chiba kung saan sinusuportahan ng lahat ang isa't isa at pinapalawak ang mga posibilidad ng lahat ng bata at kabataan"**

Layunin nito ang isang lipunan kung saan ang lahat ay nakakatanggap ng tulong mula sa mga nakatatanda sa kanilang paligid, sinusuportahan ng mga kasamahan, pinahahalagahan ang bawat isa, at pinapaunlad ang kanilang sariling kakayahan.

## Para kanino ang plano?

Ito ay isang plano para lahat ng bata at kabataang naninirahan sa Chiba Prefecture, pati na rin sa mga taong nagpapalaki ng bata.

## Mula kailan hanggang kailan ang plano?

Mula Abril 2025 hanggang Marso 2030

**Ito ay isang limang taong plano.**

## Anong klaseng lipunan ang *"Chiba kung saan sinusuportahan ng lahat ang isa't isa at pinapalawak ang mga posibilidad ng lahat ng bata at kabataan"*?

### Ang mga bata at kabataan ay

- magpapakatotoo sa kanilang sarili
- matututong mahalin ang kanilang sarili
- malayang sumubok at paunlarin ang kanilang sariling kakayahan
- malalampasan ang mga pangamba o alalahanin sa tulong ng mga nakatatanda o kasamahan
- may sariling opinyon, naipapahayag ito, at makihalubilo sa lipunan
- maaaring mamuhay nang ligtas at panatag ang kalooban
- hindi nadi-discriminate, hindi naiiwan mag-isa, at walang mga alalahanin sa pera
- maaaring magkaroon ng pangarap at mithiin sa pagtatrabaho, pagkakaroon ng pamilya, at pagiging magulang
- pinapahalagahan ang sarili at ang iba, at kayang suportahan ang isa't isa

FUTURE



PLANS

*Upang matupad ito...*

**Hindi lamang ang mga taong nagpapalaki ng bata, kundi pati ang buong komunidad ay susuportahan ang mga bata at kabataan, at ang mga bata at kabataan din ay susuportahan ang isa't isa.**

## Ano ang mga bagay na pinapahalagahan habang isinusulong ang plano?



### 1 Papahalagahan namin ang mga karapatan ng mga bata at kabataan

Papahalagahan namin ang bawat isa, ipagtatanggol ang mga karapatan, uunahin ang kaligayahan, at mag-iisip ng pinakamabuting bagay para sa kasalukuyan at sa hinaharap.

### 2 Gagawin naming mas madali para sa mga bata at kabataan na lumahok sa lipunan at tutulungan silang lumago


Lilikha kami ng kapaligiran kung saan mas madali para sa lahat na ipahayag ang sariling opinyon, at tutulungan na makihalubilo sa lipunan. Bukod dito, susuportahan namin ang lahat na ipakita ang kanilang talento sa iba't ibang larangan at subukang buksan ang landas tungo sa hinaharap.

### 3 Susuportahan ng komunidad at lipunan ang mga bata, kabataan, at mga taong nagpapalaki ng bata

Upang lumaki sila nang masigla at napapalibutan ng pagmamahal, susuportahan ng komunidad at lipunan ang lahat at ang mga taong nagpapalaki ng bata.

### 4 Patatatagin ang pamumuhay ng mga kabataan at tutuparin ang kanilang mithiin na magpakasal at magpalaki ng bata

Tutulungan namin na mapanatag ang kalooban ng mga kabataan at makayanan nilang harapin ang iba't ibang hamon sa trabaho at buhay. Papahalagahan ang iba't ibang pananaw ng mga kabataan, at susuportahan sila ng buong lipunan na matupad ang kanilang mithiin na magpakasal, magkaanak, at magpalaki ng bata.



## Anong mga hakbang ang isasagawa?

# I Mga Pagsisikap para Masuportahan ang Lahat ng Bata at Kabataan

Susuportahan namin sila upang ang lahat ay maaaring mamuhay nang malusog.

Ibabahagi ng lahat na may karapatan ang mga bata at kabataan, at na pinahahalagahan ang bawat isa. Bukod dito, lilikha kami ng kapaligiran kung saan mas madali para sa lahat na ipahayag ang kanilang opinyon.

Susuportahan namin sila upang ang lahat ay maging totoo sa kanilang sarili at subukang buksan ang landas tungo sa hinaharap, sa pamamagitan ng iba't ibang laro at karanasan. Bukod dito, gagawin namin na ang lahat ay maaaring mamuhay nang panatag ang kalooban at komportable.

Isusulong ang katatagan sa pamumuhay, edukasyon, at pinansyal na tulong upang ang lahat ay lumaki na may pangarap at kagustuhan.

Lilikha kami ng lipunan kung saan ang mga taong may kapansanan, gayundin ang wala ay maaaring mamuhay nang magkasama at panatag ang kalooban.


Pipigilan namin ang mga pagpapakamatay at poprotektahan ang lahat mula sa mga problema online, krimen, aksidente, sakuna, at iba pa.



Poprotektahan namin ang lahat mula sa pang-aabuso, at susuportahan ang mga bata at kabataang hindi makapamuhay kasama ang kanilang mga magulang sa bahay, pati na rin ang mga young carer*.

*Young carer: Mga bata at kabataang palaging nag-aasikaso sa mga gawaing-bahay o pag-aalaga ng pamilya, hanggang sa mawalan na sila ng oras para mag-aral o maglaro.

# II Mga Pagsisikap para sa Pagbibigay ng Suporta Ayon sa Yugto ng Buhay



## Mula bago ipanganak ang bata hanggang sa panahon ng pagkabata
### (Mula bago ipanganak hanggang sa edad na 6 taon)

(1) Susuportahan namin ang lahat mula bago ipanganak hanggang sa pagpasok sa elementary school upang manatili silang at ang kanilang magulang na malusog

(2) Aayusin namin ang kapaligiran upang mas maging mas madali ang pagpapalaki ng bata





## Panahon ng pag-aaral at pagbibinata/pagdadalaga
### (Mula edad 6 hanggang 18 taon)

(1) Lilikha kami ng pundasyon ng edukasyon na magpapalago ng kumpyansa sa sarili ng mga bata

(2) Lilikha kami ng kapaligiran na susuporta sa malusog na paglaki



(3) Lilikha kami ng lugar kung saan maaaring magpalipas ng oras nang panatag ang kalooban

(4) Gagawin namin na magkaroon sila ng tamang kaalaman tungkol sa kalusugan ng isip at katawan, at gagawing mas madali para sa kanila na kumonsulta




(5) Gagawin namin na magkaroon sila ng kaalaman na makapagtrabaho at mamuhay mag-isa

(6) Pipigilan namin ang mga pambubully, mabilis itong matutuklasan, at gagawing mas madali para sa kanila na kumonsulta





(7) Kahit sa mga kaso kung saan tumangging pumasok sa paaralan, gagawin namin na makakatanggap sila ng edukasyon



(8) Isusulong namin ang muling pagsusuri ng mga alituntunin sa paaralan

(9) Nandiyan kami sa para mga bata upang hindi nila masaktan ang kanilang isip at katawan sa paaralan



(10) Susuportahan namin sila na huwag huminto sa pag-aaral sa high school, at kung sakaling huminto man, susuportahan namin sila para makapagpatuloy sa susunod





## Panahon ng kabataan
### (Mula sa edad 18 taon)



(1) Isusulong namin ang pagpapahusay ng edukasyon pagkatapos ng pagtatapos sa high school, at ang mga pagsisikap upang magkaroon ng lipunan kung saan sila ay patuloy na makakapag-aral kahit na sila ay matanda na





(2) Susuportahan namin ang mga kabataan na mamuhay mag-isa at makapagtrabaho




(3) Susuportahan namin na matupad ang kagustuhan magpakasal ng mga taong nagnanais magpakasal

(4) Gagawin namin na maaaring kumonsulta ang mga kabataang may mga alalahanin o pangamba, at ang kanilang pamilya



# III Mga Pagsisikap para sa Pagbibigay Suporta ng Buong Lipunan sa Pagpapalaki ng bata

1. Lilikha kami ng kapaligiran kung saan sama-samang nagpapalaki ng bata kasama ang lahat sa paligid

2. Isusulong namin ang pagtutulungan ng mga nakatatanda sa loob ng sambahayan sa pagpapalaki ng bata

3. Babawasan ang pasanin sa mga gastusin sa pagpapalaki at edukasyon ng bata

4. Susuportahan namin ang sambahayang nag-iisa lamang ang nagpapalaki ng bata

## Pinapahalagahan ang opinyon ng mga bata at kabataan

Upang maayos na maisulong ang mga pagsisikap kaugnay sa mga bata at kabataan, magsasagawa kami ng pagpupulong kung saan lalahok hindi lamang ang mga nakatatanda, kundi pati na rin ang mga bata at kabataan.
Doon, makikinig kami sa iba't ibang opinyon, susuriin, at rerebisahin ang progreso ng plano.
Bukod dito, upang maisama ang opinyon ng lahat ng bata at kabataan, lilikha kami ng lugar kung saan panatag ang kalooban na maipahayag ang opinyon, batay sa ideya na lilikha ng lipunan kasama ang mga bata at kabataan.

### Alamin natin ang tungkol sa Kombensiyon sa mga Karapatan ng mga Bata!

Ang lahat ng mga bata ay hindi "mahihinang nilalang na kailangan protektahan ng mga nakatatanda". Tulad ng mga nakatatanda, ang lahat ay may "karapatang pahalagahan bilang isang tao (karapatang pantao)". Hindi lamang iyon, kasabay ng paglaki ng lahat, mayroon silang karapatang protektahan at tulungan. Ang karapatang ito ay tinatawag na karapatan ng mga bata.

### May 4 na pangunahing prinsipyo sa "Kombensiyon sa mga Karapatan ng mga Bata"



- Pagbabawal ng diskriminasyon (walang diskriminasyon)
- Pinakamabuting interes ng bata (pinakamainam para sa bata)
- Karapatan sa buhay, pag-iral, at paglago (maprotektahan ang buhay at maaaring lumaki)
- Paggalang sa opinyon ng bata (naipapahayag ang opinyon at makihalubilo)

# Mga opinyon na natanggap namin mula inyong lahat at mga sagot ng Prefecture

## Opinyon

Gusto kong mas makipag-ugnayan sa mga tao sa komunidad





## Sagot

Naniniwala kami na napakahalaga ang pakikipag-ugnayan ng mga residente sa isa't isa sa komunidad.
Ipaparating din namin ang inyong opinyon sa munisipyo na namamahala sa pagpapaunlad ng komunidad, at gagamitin ito bilang sanggunian para sa mga pagsisikap ng Prefecture sa hinaharap.



## Opinyon


May mga mapanganib na lugar sa paligid ko at sa mga daraanan papuntang paaralan, kaya nais kong ayusin ninyo ito





## Sagot

Naniniwala kami na napakahalaga ang kaligtasan sa daraanan papuntang paaralan at sa paligid.
Magsasagawa kami ng pag-aayos ng mga ilaw-trapiko at iba pa upang hindi magtagpo ang mga pedestrian at sasakyan, upang mapanatili ang ligtas na kapaligiran sa pamumuhay.
Kapag may napansin kayong mapanganib na lugar sa paligid, mangyaring ipaalam din ito sa inyong mga kaibigan at nakatatanda.



## Opinyon


Gusto naming madagdagan ang mga parke kung saan pwede kaming maglaro





## Sagot

Naniniwala kami na napakahalaga para sa mga bata ang mga kapaligiran kung saan sila ay malayang makakapaglaro at makapaglaro ng sports.
Bilang bahagi ng "Pagpapaunlad ng Komunidad na Nakatuon para sa mga Bata", isusulong namin ang mga pag-aayos ng mga pampublikong parke sa lungsod.



## Opinyon


Gusto naming madagdagan ang mga festival at masasayang kaganapan sa komunidad





## Sagot


Naniniwala kami na ang mga festival at kaganapan sa komunidad ay mahalagang lugar kung saan nagkakaroon ng ugnayan ang mga residente at mga bata, at pagkakataon upang makipag-ugnayan din sa mga tao mula sa ibang komunidad. Ipaparating din namin ang inyong opinyon sa munisipyo, at gagamitin ito bilang sanggunian para sa mga pagsisikap ng Prefecture sa hinaharap.




## Opinyon

Gusto namin na mas maraming tao ang dumayo sa Chiba Prefecture upang umunlad ito





## Sagot



Naniniwala kami na napakahalaga ng pagdami ng mga residente, turista, tindahan, at iba pa upang makabuo ng masiglang komunidad. Mahalaga rin ang mahusay na paggamit ng mga "likas na yaman ng komunidad" tulad ng mayamang kalikasan at mga golf course. Susuportahan ng Prefecture ang mga ganitong pagpapaunlad ng komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang pagsisikap.

## Opinyon


Sana hindi ipilit ang opinyon ng mga nakatatanda at pakinggan ninyo ang mga bata






## Sagot

Patuloy naming pakikinggan nang mabuti ang opinyon ng mga bata at kabataan, at isusulong namin ang mga pagsisikap. Naniniwala kami na mabuti kung magkakaroon ng pagpapalitan ng opinyon at impormasyon hangga't maaari.



# Planong Panghinaharap para sa mga Bata at Kabataan ng Chiba Prefecture Bersyon para sa mga Bata



[Naglathala] Child-Raising Support Division,
Health and Welfare Department, Chiba Prefecture
1-1 Ichiba-cho, Chuo-ku, Chiba City 260-8667
TEL : 043-223-4502

## Tungkol sa mga nilalaman na may nakasulat na *

Pinapahalagahan ng pamphlet na ito ang pagiging madaling maintindihan. Kaya tinanggal ang bahagi ng nilalaman ng plano at isinulat ito sa simpleng paraan. Para sa mga nais ng mas detalyadong impormasyon, mangyaring tingnan ang "Planong Panghinaharap para sa mga Bata at Kabataan ng Chiba Prefecture"

"Planong Panghinaharap para sa mga Bata at Kabataan ng Chiba Prefecture"
Website kung saan naka-publish:
https://www.pref.chiba.lg.jp/kosodate/kodomokeikaku/index.html

**Ginawa nang Setyembre 2025**